COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-24 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

HUWAG MAGHINTAY HANGGANG SA ARAW NG ELEKSYON – BUMOTO NG MAAGA!

Pinapaalala sa inyo ng opisina ng Tagapagrehistro ng County ng San Diego na maaari kayong gumawa ng mga desisyon sa pagboto at kumpletuhin ang inyong balotang pangkoreo para sa Ika-14 ng Setyembre Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California sa ginhawa ng inyong tahanan.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa pinagkakatiwalaang source. Maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, hindi kinakailangan ng selyo, o isa sa 131 na mga lokasyon ng mail ballot drop-off sa buong county. I-check ang oras ng operasyon sa bawat lokasyon sa sdvote.com bago lumabas.

“Kung alam ninyo kung paano ninyo gustong bumoto, markahan ang inyong balota at ibalik ito sa pinagkakatiwalaang source agad agad,” sabi ng Interim na Tagapagrehistro na si Cynthia Paes. “Kung matatanggap namin ng mas maaga pabalik ang inyong balota, mas maaga naming masisimulan na iproseso ito. Maisasama ang inyong balota sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon kung kayo ay kikilos ng maaga.”

Kung nais ninyong bumoto ng personal ang opsiyon na iyon ay available din. Iwasan ang mga mahahabang linya at samantalahin ang maagang pagboto.

- Sa opisina ng Tagapagrehistro, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes
- Sa alinman sa isa sa 221 na mga lokasyon ng pagboto o sa opisina ng Tagapagrehistro sa Sabado, Ika-11 ng Setyembre, Linggo, Ika-12 ng Setyembre o Lunes, Ika-13 ng Setyembre, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Lahat ay muling magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika-14 ng Setyembre, mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-24 ng Agosto, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Kung pinaplano ninyong i-drop-off ang inyong balotang pangkoreo o bumoto ng personal, hinihikayat namin kayong magsuot ng pantakip sa mukha, panatilihin ang kumportableng distansya at iwasan ang pagtitipon ng mga grupo.

Ang mga botanteng nagbalik ng kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pag sign-up para sa "Nasaan Ang Aking Balota?".

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa paparating na recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER